
# Dalawang pangkat ng mga ngipin habang buhay

**Dalawang pangkat ng ngipin habang buhay**

Mga unang ngipin:

Ang mga ito ang unang pangkat ng mga ngipin na mayroon tayo at lahat sila ay 20. Karaniwang nagsisimula silang tumubo mula humigit-kumulang sa edad na anim na buwan hanggang 3 taong gulang.





Mga permanenteng ngipin:

Sa edad na 6, sunud-sunod silang tumutubo upang palitan ang mga unang ngipin na nagiging maluwag at nalalaglag.



**Mga unang ngipin: Tagapanatili ng espasyo para sa mga permanenteng ngipin**

- Karaniwan, sa ilalim ng ugat ng bawat unang ngipin, may nabubuong permanenteng kapalit na ngipin.
- Kapag panahon na para sa permanenteng kapalit na ngipin na tumubo, ang ugat ng unang ngipin ay lalagom at ang unang ngipin ay magiging maluwag. Pagkatapos ang lugar ay kukunin ng permanenteng kapalit na ngipin nito.
- Pinapanatili ng unang ngipin ang espasyo para sa permanenteng kapalit na ngipin nito.




**Walang ngipin ang hindi mahalaga**

Kung ang mga unang ngipin, lalo na ang ikalawang unang bagang, ay maagang nawala dahil sa sirang ngipin, maaaring maging malubha ang mga kahihinatnan:


- Hindi maayos na pagkakahanay ng mga ngipin

Ang ikalawang unang bagang ay nawala na



Ang unang permanenteng bagang

Dahil tumutubo ang unang permanenteng bagang sa likod ng ikalawang unang bagang sa edad na 6, ang espasyo ng nawalang ikalawang unang bagang ay unti-unting magsasara habang ang unang permanenteng bagang ay gagalaw pasulong.



Ang permanenteng ngipin ay nahahadlangan pumasok sa arko kapag ito ay tumubo

Kalaunan, kapag tumubo ang ikalawang permanenteng talubagang upang palitan ang ikalawang unang bagang, ang permanenteng ngipin ay alinman sa mahahadlangan sa labas ng arko ng ngipin o maapektuhan at hindi tutubo, na hahantong sa hindi magandang pagkakahanay ng mga ngipin.

- Malocclusion
- Mahirap linisin

  Mahirap linisin ang masikip na lugar. Mabilis na maiipon ang bakteryang plaque sa ngipin at mga labing pagkain sa pagitan ng masikip na mga ngipin, na pinatataas ang tsansa ng pamamaga ng gilagid at sirang ngipin.
- Maaaring kailanganin ang pagtanggal sa pamamagitan ng operasyon kung hindi makatubo ang permanenteng ngipin.

**Huwag tanggalin ang mga unang ngiping pangagat (mga ngipin sa harap)**



Inaakala ng ilang magulang na ang ibabang mga unang ngiping pangagat ay maaaring makahadlang sa pagtubo ng mga permanenteng ngiping pangagat at ipinatatanggal ang mga unang ngiping pangagat:
Dahil dito, ang harap na bahagi ng ibabang panga ay lalagom dahil sa napaagang pagkawala ng mga unang ngiping pangagat, na humahantong sa pagkawala ng espasyo sa arko ng ngipin. Bilang resulta, maaaring magkaroon ng

hindi sapat na espasyo para sa mga permanenteng ngiping pangagat upang tumubo at humanay nang tama sa arko.

**Pangalagaan ang mga unang ngipin kasama ang inyong mga anak**
Pasan ng mga unang ngipin ang isang mahalagang misyon, dapat turuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na alagaang mabuti ang kanilang mga ngipin.

- Sipilyuhing mabuti ang mga ngipin gamit ang toothpaste na may fluoride sa araw at gabi.
- Bawasan ang dalas ng pagkain at pag-inom upang maibaba ang peligro ng pagkakaroon ng sirang ngipin.
- Magpasuri ng mga ngipin taun-taon.

Kung mayroon kang sirang ngipin, dapat kang magkaroon ng paggamot ng ngipin sa maagang yugto. Maaaring panatilihin ang mga unang ngipin upang mapanatili ang espasyo para sa mga permanenteng kapalit na ngipin nito upang maiwasan ang paglipat ng mga kalapit na ngipin sa lugar nito na magreresulta sa hindi magandang pagkakahanay ng mga permanenteng ngipin.

